## Paraan ng pagdadala ng basurang nagmula sa tahanan

1. Makipag-ugnayan sa Shin-Kankyo Clean Center tungkol sa nilalaman ng dadalhing basura.☎0545-35-0081
   Kailangan ng pagpapareserba kapag Sabado, at sa katapusan at simula ng taon.Hinihiling na magpareserba sa website ng lungsod o sa teleponong para lamang sa pagpapareserba.☎0545-30-6636
2. Ipagbukod-bukod tulad ng kapag magtatapon sa tambakan.
   Ilagay ang nasusunog na basura sa supot na para lamang sa nasusunog na basura.
   Ilagay ang mga lata, lalagyan at pambalot na gawa sa plastik at mga damit sa supot na para lamang sa recyclables.
3. Kunin ang IC card sa lugar para sa pagsusukat ng timbang sa pasukan, at sukatin ang timbang.
4. Ihulog ang nasusunog na basura at recyclables sa nakatalagang lugar sa gusali para sa pagkolekta ng resources. Ihulog ang mga pinutol na sanga sa platform (1F).
   Sa patakaran, kayo mismo ang magsasagawa ng pagdidiskarga at pagdadala sa itinalagang lugar.Kung maraming basura o may basurang mabigat, pumunta lamang nang may kasama sa sasakyan.
5. Sukatin ang timbang sa lugar para sa pagsusukat ng timbang sa labasan, at isauli ang IC card.

### Dapat pag-ingatan

- ◎ Hindi maaaring magdala ng basura ng ibang tao o basurang mula sa labas ng lungsod.
- ◎ Sa patakaran, ang mismong taong magtatapon ng basura ang pupunta para magdala ng basura.
- ◎ Maaaring hilingin ang pagpapakita ng dokumentong magpapatunay na residente ng Lungsod ng Fuji, para sa pagtiyak. (Lisensya sa pagmamaneho, dokumento ng pagbabayad ng singil sa public utilities at iba pa)
- ◎ 2 tons pababa at 4.7 m pababa ang total na haba ng sasakyang maaaring gamitin sa pagdadala.

## Tungkol sa cremation ng bangkay ng hayop

Ginagawa ang cremation ng labi ng alagang hayop tulad ng alagang aso, alagang pusa at iba pa, sa insinerador na para lamang sa maliliit na hayop sa loob ng Shin-Kankyo Clean Center.Bago dalhin, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Shin-Kankyo Clean Center.　Hindi maaaring isauli ang labing buto at abo.
2,090 yen (kasama ang buwis) ang halaga para sa 1 hayop. (As of October 2020)

### Mga bagay na hindi maaaring ibasura o kolektahin sa lungsod

| | |
|---|---|
| Bato, lupa, buhangin | Mangyari lamang na sariling pangasiwaan, o magkonsulta sa kontratista ng landscaping atbp. |
| Pamatay-sunog | Mangyari lamang na magtanong sa dealer o tindahan o sa Fire Extinguisher Recycle Promotion Center Corporation. |
| TV, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer, aircon | Mangyari lamang na sanggunian ang pahina 17. |
| Autobike, motor bike | Mangyari lamang na sanggunian ang pahina 18. |

### Ipinagbabawal ang illegal dumping

Sa lungsod, nagsisikap ang patrol group at mga staff na nagbabantay sa illegal dumping para sa maagang pagtuklas at pag-iwas sa illegal dumping, at sa pakikipagtulungan sa pulis, nagsasagawa ng imbestigasyon kung natuklasan ang illegal dumping.Papatawan ng multang 10 milyong yen pababa o pagkakulong ng 5 taon pababa ang taong nag-dump ng basura.

**Iulat lamang kung nakatuklas ng illegal dumping.**



令和3年3月発行

# 富士市（ふじし）ごみの分（わ）け方（かた）便利帳（べんりちょう）

## 2021.3

## タガログ語


| | |
|---|---|
| Klasipikasyon ng Basura | P1 |
| May mga rules ang Fuji city ayon sa pagtapon ng basura, nakatalagang lagayan plastic bag para sa pagtapon ng basura | P2 |
| Nasusunog na basura | P3.4 |
| Produkto ng plastic na pambalot | P5.6 |
| Uri ng lumang papel | P7.8 |
| Mga damit, uri ng futon | P9.10 |
| Mga ibinabaon atbp. | P11～13 |
| Lata / Mga metal | P14 |
| Pet bottle | P15 |
| Bote | P16 |
| Paraan ng pagtatapon ng mga Electrical Appliances na pwedeng irecyle | P17 |
| Sa recycle ng motorsiklo | P18 |
| Paraan para sa pagriresaykel ng Personal Computer | P19 |
| Tungkol sa pagdadala ng basura sa Shin-Kankyo Clean Center | P20.21 |

Gamitin lamang ang “San-Aru”
na app para sa paghihiwalay ng basura.




Google play    AppStore

Mangyari lamang na ilagay ang mga mask at tisyu na ginamit ng taong posibleng may influenza o iba pang nakahahawang sakit sa plastik na supot, itali ito nang mahigpit, at itapon sa nasusunog na basura.

# Klasipikasyon ng Basura


## Basura kapag pinagsama, Resource(s) kapag ihiniwalay




## Tiyakin lamang ang araw ng pagtatapon ng basura sa inyong distrito sa “Kalendaryo ng Basura.”

Kung wala nito, magtanong lamang sa Dibisyon ng Waste Measures sa Fuji City Hall.

Maaari ring matiyak sa website ng Fuji City Hall.





# May mga rules ang Fuji city ayon sa pagtapon ng basura

Mangyari lamang na itapon ang basura nang hindi lalampas ng **8:30** ng umaga sa araw ng pagkolekta.

Nagkokolekta rin sa mga holiday. (Hindi nagkokolekta sa Linggo, at sa katapusan at simula ng taon.)

Kung may natatanging patakaran sa condominium, mangyari lamang na sundin iyon.

Mangyari lamang na tiyakin sa “Koho Fuji” (newsletter) o sa website ng lungsod ang schedule sa katapusan at simula ng taon.

## Nakatalagang lagayan plastic bag para sa pagtapon ng basura

Nasusunog na basura, lata, plastic, mga plastic na lalagyan, at iba pang mga papel, mga damit kung paano itinatapon, ilagay ito sa nakatakdang supot.

May sariling lagayan ang [nasusunog na basura]  at [lagayan na puwedeng irisaykel na basura] nauuri sa dalawang klase at nabibili sa super market,home center, ilagay sa tamang lagayan o sa natatamang lalagyan bago itapon.

Sa bawat sukat ng plastic na lalagyan ay 45 liter (L) 30 liter (M) 15 liter (S) na nasa tatlong uri.

Kahit direktang dadalhin ang basura sa Shin-Kankyo Clean Center, mangyari lamang na gamitin ang itinalagang supot.

**Nasusunog na basura**



**Lagayan na puwedeng irisaykel na basura**



Mga puwedeng irisaykel ilagay sa tamang supot at itapon.

Produkto ng plastic na pambalot
Sa ibang uri na papel   Lata   Mga damit

**Hindi maaaring gamitin ang itinalagang supot ng ibang lungsod, bayan o baryo.**

# Nasusunog na basura

## Paano ang pagtapon

May itinalaga ang Fuji city na
[supot para sa masusunog na basura]
ilagay ang basura , sa isang Linggo na puwedeng itapon ng dalawang beses ,itapon sa pinag kokolektahan ng basura.

( Sa mga naitalagang supot na masusunog) maliban sa supot na (supermarket bag, at transparent bag) ay hindi puwedeng itapon.




## Maaaring itapon

### Basura sa kusina



Supermarket bag ,magagamit din itong maliit na plastik para sa mga nasusunog na basura.
Hangga' t maaari, tanggalan ng tubig ang mga basura mula sa kusina.
Ang basura sa kusina ay may 80 porsyentong tubig,maaari lamang na patuyuin muna ito at (bago itapon ito pigain pang mabuti.)

### Uri ng goma




### Produktong mga plastik



**Plastic na walang na marka**

Ang malalaking bagay ay puwede ng itapon ng hindi nakasupot.





### Mga hindi na puwedeng iresaykel na papel at mga tela

Nadumihan ng mantika at pintura na papel at tela
Marumi at mabahong lumang damit
Tissue paper　Diaper
Papel na ginagamit sa Iron print




### Kahoy / Produktong yari sa kahoy




Ang mga malalaking bagay na masusunog, putulin ito ng 50 centimeter at itapon.
Putulin nang 50 cm x 50 cm pababa ang malaking sukat na bagay.
Gawing 10 cm pababa ang diyamentro ng bagay na malapad ang diyametro.
Kung hindi kayang putulin, magkonsulta sa Shin-Kankyo Clean Center (0545-35-0081).
Maaaring itapon sa araw para sa mga ibinabaon atbp. nang hindi kinakalas ang mga muwebles na yari sa kahoy.

### Pantuhog na kawayan




Para sa ligtas na pangungulekta ibalot ito sa papel at putulin ang tusok at i tape ito bago ilagay sa supot.

### Mga nasusunog na malaking rug o carpet



Hatiin ng 6 hanggang 8 na pira piraso at ilagay sa takdang lagayang supot, itali ng lubid.
Hot carpet sa ibinabaon na basura ito itapon.

## Hindi maaaring itapon



Produkto ng plastic na pambalot
Pet bottle
Uri ng lumang papel
Mga damit, uri ng futon
Mga pinutol na sanga
Disposable lighter

# Produkto ng plastic na pambalot



Mga produkto ng plastic at kemikal na materyales ay mairirisaykel.
Supot mga lalagyan ng kalakal, produkto ng plastic ang nasasaklaw.

## Paano ang pagtapon

- Itinakda ng Fuji city ilagay sa [itinalagang lagayang supot] isang beses isang Linggo itapon ito at kokolektahin na naiiresaykel.
- Ito ang marka na nakamarka→
- Kung hindi kakasya ang Styrofoam sa supot maaari ng itapon ng ganito.



## Bago itapon

"Itapon ang laman na natitira at hugasan ng tubig ang loob ng supot (kung hindi matanggal ang dumi sa loob ng lalagyan ay maitatapon ito sa araw ng nasusunog na basura)."

Pag isinupot ito sa takdang lalagyan, at hindi nahawa ang iba na nasa supot ay maaari na itong itapon.

## Maaring itapon

**Uri ng botelya**



Shampoo, Rinse, lalagyan ng sabon at iba pa

**Plastik na supot Pambalot na film**



Gulay, Soba, Noodles Pan at supot ng chichirya Supermarket bag Label ng PET bottle

**Cup , uri ng mga pack**




Cup noodles, pudding, lunch box pack na nabibili sa convenient store Pack ng itlog, tofu,mga pack ng toothbrush

**Uri ng tray**



Prutas ,Gulay, at tray ng Karne

**Mga uri ng shock absorber**



Styrofoam na protector ng mga appliances

**Uri ng takip**




Takip ng Pet bottle at plastic na lalagyan




## Hindi maaaring itapon

- Kung hindi matanggal ang dumi sa loob ng lalagyan ay maitatapon ito sa araw ng nasusunog na basura.






- Mga produkto ng plastic(cassete tape,laruan) ay hindi maitatapon.





- Mangyari lamang na pipiin ang mismong PET bottle at itapon sa araw para sa PET bottle. Ngunit mangyari lamang na itapon ang label at takip sa mga lalagyan at pambalot na gawa sa plastik.



## Dapat pag-ingatan

- Kung ang mga bagay na nauukol ay mahirap tanggalin ang seal ,itapon ng ganito sa produkto ng plastic na lalagyan o pambalot.
- Kung hindi kakasya ang Styrofoam sa supot maaari ng itapon ng ganito.

# Uri ng papel

## Tungkol sa lugar na pagtatapunan ng mga lumang papel

### Kokolektahin ng Lunsod (ipunan na lugar)

Ang mga naipon na lumang papel sa ipunan na lugar ,depende sa dami nito ang distrito" chi-ku" ay nagbibigay ng gantimpalang pera kaya itapon ito sa ipunang lugar.
Sa pagkolekta ng lungsod, maaaring itapon ang mga lumang papel na may kaunting metal o plastik.

### Grupo ng region na maaaring kolektahin

"Kodomo kai" at PTA grupong ,samahan ng region.
(siguraduhin ang mga kinokolekta)

### Kahon para sa pagkolekta ng mga lumang papel na itinayo ng pribadong kumpanya atbp.

Magkakaiba ang item na kinokolekta sa bawat kahon para sa pagkolekta.
Mangyari lamang na tanggalin ang metal at plastik at saka itapon.

## Maaaring itapon

Ipaghiwalay ayon sa uri, itali gamit ang papel na tali, at itapon.

### Diyaryo



Kabilang ang mga folding flyers

### Magazine




Kabilang ang mga aklat,note book, libro,diksyonaryo.
Kabilang ang manipis na naka stapler sa gitna na mababasa.

### Karton



### Pack na gawa sa papel



Hugasan muna at buklatin bago itapon.
Kung may aluminum ang nasa loob nito itapon sa ibang uri na papel.



## Sa ibang uri na papel

Mga ibang uri ng papel, diyaryo,magazine ,karton,mga pack na hindi na nasasama sa uri ng lumang papel

Maaaring itapon sa alinman sa mga sumusunod na paraan.

- Balutan ng papel at talian.
- Ilagay sa supot na papel at itali.
- Ilagay sa supot para sa recyclables.

### Sa ibang uri ng papel mga halimbawa

Sa pagkolekta ng lungsod, maaaring itapon ang mga lumang papel na may kaunting metal o plastik.



## Hindi maaaring itapon



Tissue Wet tissue Diapers Maruming papel Papel na ginagamit sa Iron print non-woven fabric (mask at iba pa)
Papel na hindi na puwedeng pang irisaykel ,itapon ito sa nasusunog na basura.

## Dapat pag-ingatan

### Huwag gawin ang ganitong pagtapon (Ipinagbabawal na pagtapon)

- Talian ng tape na gawa sa goma o plastic
- Naka Karton ang ginamit
- Isinama ang ibang klase na papel sa pagtapon

# Mga damit, uri ng futon

## Paano ang pagtapon (Mga damit)


Mga damit at tela ,mga uri ng sapatos mga uri ng maliliit na bagay
[ilagay sa nakatakdang supot na nairiresaykel] Itali ang supot bago ilabas.

Maaari ring itapon ang mga damit sa kahon para sa pagkolekta ng mga damit na nakalagay sa pampublikong pasilidad tulad ng Machizukuri Center atbp.



## Maaaring itapon

### Kahit na anong ng damit,at mga tela



Mangyari lamang na labhan at patuyuin bago itapon.
T-shirt, suits down jacket , kimono , medyas , tuwalya ,neck warmer at iba pa

### Mga uri ng sapatos



Balat na sapatos, rubber shoes, sapatos na pambabae  Sandals, tsinelas
Nasusunog na basura ang hindi na maisusuot
(Mga uri ng sapatos) kung wala ng pares itapon sa nasusunog na basura.

### Sinturon, sombrero, mga bag at maliliit na bagay



Sinturon , business bag, sports bag, knapsack , toto bag, sombrero, puppets o mga manika (15 cm pababa ang sukat nito) at iba pa
Nasusunog na basura ang nasira

## Hindi maaaring itapon

Mga kutson  Bagay na walang metal
Floor cushion  Cushion  Bota  Kurtina
Carpet  Carry bag






### Uri ng futon

## Paano ang pagtapon (uri ng futon)

Ang mga futon at makapal na kumot bago ilabas talian muna ito.
Mangyari lamang na itapon ang futon at kumot sa tambakan sa 1 beses/ buwan na araw ng pagkolekta.
Hindi maaaring itapon ang futon at kumot sa kahon para sa pagkolekta ng Machizukuri Center atbp.

## Maaaring itapon

Panlatag na futon, pantaklob na futon, pang-kotatsu na futon, kumot at iba pa




## Dapat pag-ingatan


- Huwag ilagay sa supot.
- Mag –ingat: Pag umuulan huwag itong ilabas (huwag itong ilabas kung umuulan)
- Para sa futon na yari sa down, mangyari lamang na itali ang futon na yari sa down lamang.
- Kapag itatali ang futon, mangyari lamang na mag-ingat upang walang makasamang ibang bagay.

## Hindi maaaring itapon

Mangyari lamang na itapon sa nasusunog na basura ang urethane mattress at unan.



Mangyari lamang na itapon sa mga damit ang futon cover at kubrekama.



Mangyari lamang na itapon sa mga ibinabaon atbp. ang mattress na may spring.



# Mga ibinabaon atbp.

## Paano ang pagtapon

- Sa naaangkop na paraan ng pagtatapon para sa bawat uri, itapon sa tambakan ang recyclables nang hindi lalampas sa 8:30 ng umaga sa 1 beses/buwan na araw ng pagkolekta.
- At paghiwahiwalayin sa lagayan.
- Kung hindi madesisyonan magtanong  lamang sa "Shin-Kankyo Clean Center"  (0545-35-0081)

## Maaaring itapon


### Ibinabaon

Ang mga maliliit na bagay ay ilagay sa transparent na supot para nakikita ang nakalagay dito, at paghiwahiwalayin sa lagayan.Basag na bote,,matalas na bagay gaya ng kutsilyo,bombilya balutin ng diyario at isulat ang kung ano ang laman nito at ilagay sa transparent na supot.  Ski board, tasa, bombilya




### Maliliit na appliances

De bateriya at de-koryente lamang  na kinokolekta  Tanggalin ang bateriya. Mangyari lamang na gawing sero ang pagka-charge ng rechargeable na bagay at saka itapon.An mga bagay na ang 80 porsyento at gawa sa metal o lata ay itapon sa araw ng mga metal.



### Malalaking bagay (Furniture)

Kung dadalhin ito, maaaring tumawag muna sa Shin-Kankyo Clean Center at dalhin.ito.



Telebisyon, refrigerator ,freezer ,washing machine, laundry dryer, airconditioner, at bike ay hindi ito kinokolekta ng city.Sa mga electrical appliances na hindi niririsaykel tignan sa mga nauukol na bagay sa P17, at tignan ang P18 tungkol sa pagtapon ng motorsiklo para hindi magkamali sa pagtapon.



### Spray na lata

**Nakapipinsalang basura ito.**
Mangyari lamang na itapon nang hindi pinagsasama sa ibang bagay.


Mangyari lamang na alisan ng lahat ng laman, huwag butasan, ilagay sa walang kulay at transparent na supot at itapon.



### Flourescent tubes

**Nakapipinsalang basura ito.**
Mangyari lamang na itapon nang hindi pinagsasama sa ibang bagay.

Mga hindi basag na flourescent tubes balutin ng papel o yung pinaglagyan ng kahon nung binili ito doon ilagay at itapon.



### Disposable lighter

**Nakapipinsalang basura ito.**
Mangyari lamang na itapon nang hindi pinagsasama sa ibang bagay.

Mangyari lamang na alisan ng lahat ng laman, ilagay sa walang kulay at transparent na supot at itapon.



### Mga bateriya/Coin battery

**Nakapipinsalang basura ito.**
Mangyari lamang na itapon nang hindi pinagsasama sa ibang bagay.

Sa lugar na tapunan may pulang lata na lalagyan ng bateriya , itapon dito ang bateriya.
Alkaline battery/Manganese battery/Lithium primary battery
Coin-type na lithium primary battery
(model number na nagsisimulasa CR o BR)
Hindi maaaring itapon ang coin battery at maliit na rechargeable battery. Tingnan ang pahina 13.





### Bagay na gumagamit ng mercury

Hindi maaaring itapon sa tambakan ang mercury thermometer at mercury sphygmomanometer (pansukat ng blood pressure).
Mangyari lamang na direktang dalhin sa Dibisyon ng Waste Measures sa 10F ng Fuji City Hall, o sa Shin-Kankyo Clean Center.


### High-grade na maliit na kagamitang de-kuryente

Mangyari lamang na ilagay sa kahon para sa pagkolekta ng high-grade na maliit na kagamitang de-kuryente ang mga cellphone at maliit na music player, USB flash drive, e-cigarette, kamera at iba pa.Tanggalin ang battery o baterya.



#### Lugar kung saan may kahon para sa pagkolekta

2F ng Fuji City Hall
Yoshinaga Machizukuri Center
Tagoura Machizukuri Center
Takaoka Machizukuri Center
Fujikawa Fureai Hall
Shin-Kankyo Clean Center
Hindi maaaring itapon kung sarado ang kinauukulang pasilidad.



## Hindi maaaring itapon

### Lata ng spray na may laman

Hindi maaaring pangasiwaan ng lungsod ang bagay na may laman. Mangyari lamang na pangasiwaan tulad ng sumusunod.

| | |
|---|---|
| Silindro ng de-cassette na kalan | Magtanong sa "Shin-Kankyo Clean Center". 0545-35-0081 |
| Pintura, pangkulay ng buhok, pesticide | Sa labas ng bahay, mangyari lamang na ilabas ang laman sa pamamagitan ng pag-spray nito sa hindi na kailangang diyaryo atbp. Mangyari lamang na itapon sa nasusunog na basura ang inilabas na laman. |


### Baterya ng kotse

Mangyari lamang na magkonsulta sa dealer o tindahan.

### Mga bagay na hindi kinokolekta bilang maliit na kagamitang de-kuryente


◎ Personal Computer
Pagtapon ng computer sa detalye tignan sa P19.

◎ 80 porsyento pataas na gawa sa metal.
Lata / Mga metal
Microwave oven at iba pa




### Telebisyon, refrigerator ,freezer ,washing machine, laundry dryer, airconditioner

Telebisyon, refrigerator ,freezer ,washing machine, laundry dryer, airconditioner, at bike ay hindi ito kinokolekta ng city.
Sa mga electrical appliances na hindi niririsaykel tignan sa mga nauukol na bagay sa P17, at tignan ang P18 tungkol sa pagtapon ng motorsiklo para hindi magkamali sa pagtapon.




### Mga battery na hindi kinokolekta sa lungsod

Hindi kinokolekta sa lungsod ang mga sumusunod na battery. Mangyari lamang na dalhin sa kinauukulang tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle.
Tungkol sa mga tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle, mangyari lamang na tingnan ang website ng Battery Association of Japan kung coin battery, at website ng JBRC kung maliit na rechargeable battery.Mangyari lamang na magsabi sa tauhan ng tindahan kapag dadalhin doon.

**Coin battery**

Dikitan ng scotch tape ang electrode ng battery para i-insulate ito at dalhin sa tindahang nakikipagtulungan.

Silver oxide battery (SR) Zinc-air battery (PR) Alkaline coin battery (LR)
Titik sa simula ng model number ang nasa ( )
Mangyari lamang na itapon sa tambakan ng lungsod ang coin-type na lithium-ion battery na hugis coin (CR, BR). (Sanggunian ang pahina 12)



**Maliit na rechargeable battery**

Dikitan ng scotch tape ang terminal para i-insulate, at dalhin sa tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle.

Nickel cadmium battery Nickel metal hydride battery
Lithium ion baterya Mobile battery





# Lata / Mga metal



Kung hindi madesisyonan magtanong lamang sa "Shin-Kankyo Clean Center" (0545-35-0081)

## Paano ang pagtapon

Hugasan ang loob ng lata at ilagay sa Fuji shi「nakatakdang supot na naiiresaykel」at itapon.
Mga metal ay ilagay sa supot at itapon ng ganito.

## Uri ng lata

Huwag yuyupiin ang lata sa dahilang hindi ito maiirisaykel kung yupi ito.

- Inuming nakalata (aluminyo,bakal)
- Mga delata
- Mababa ng 4 liters na lata



Mangyari lamang na alisan ng lahat ng laman ang lata ng spray, at itapon sa mga ibinabaon atbp. (p. 12) nang hindi binubutasan.

## Uri ng metal

### 80 porsyento pataas na gawa sa metal

Itapon ang natitirang petroleum at tanggalin ang bateriya.



### Latang higit sa apat na litro

Alisin ang laman nito at itapon.Para sa mga lata ng pintura sipsipin ang anumang pintura gamit ng lumang basahan at itapon sa nasusnog na basura.




### Karayom at pako

Ilagay ito sa lata ,ng tsaa at iba pa at isulat kung ano ang laman nito,at hindi na rin kailangang ilagay pa sa supot ng ireresaykel.na bagay.



### Bisikleta

Mangyari lamang na kanselahin ang rehistro laban sa krimen sa tindahan kung saan binili ang bisikleta bago ito itapon.

Mangyari lamang na tanggalin ang baterya ng electrically assisted na bisikleta, at dalhin sa sumusunod na tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle.



Watai Auto Shop 1-6-23 Nishikicho, Fuji City
Cycle Base Asahi Fuji Store 375 Aobacho, Fuji City

# Pet bottle

## Paano ang pagtapon



- Mangyari lamang na ilagay sa net para sa pagkolektang nakalagay sa tambakan sa umaga ng 1 beses/buwan na araw ng pagkolekta.
- Para masarhan huwag pupunuin,(mga 80 porsyento ang gawin)
- Kinokolekta ang pet bottle na may nakasulat na markang [PET 1 Mark]（Mga inumin,toyo, mirin at iba pa)

PET

## Bago itapon



① Alisin ang mga takip at etiketa



② Hugasan ang loob at patuyuin



③Tapakan ito at ng konti at yupiin

## Dapat pag-ingatan

- Hindi maaaring kolektahin ang bagay na may laman.
- Mga takip na plastik at etiketa ay sa lalagyan ng plastik na supot.
- Huwag itapon na nakalagay pa sa supot, pet bottle lamang ang itapon.

## Masamang paraan ng pagtapon
## (ipinagbabawal na pagtapon)

- May laman pa ang loob
- May nakalagay na basura sa loob
- Itinapon na nakalagay sa supot
- May takip at etiketang nakadikit



# Bote

## Paano ang pagtapon

- Mangyari lamang na ilagay sa container na nakalagay sa tambakan sa umaga ng 1 beses/buwan na araw ng pagkolekta.
- Pinagpapatong patong ang mga container sa pagkolekta,kaya lagyan lamang ito hanggang 80 porsyento.
- Huwag ilagay sa container nang nakapaloob sa plastik na supot at iba pa.



## Bago itapon

1. Alisin ang takip



Takip na metal
→Isama sa lata, metal
Plastik na takip
→isama sa plastik na pambalot na lalagyan at pambalot.

2.Hugasan ang loob



## Maaaring itapon

Bote ng langis na pangluto
Bote ng suka
Bote ng jam
Mga bote ng pang kosmetiko
Bote ng pang dressing
Bote ng kape
Bote ng beer




## Hindi maaaring itapon

Hindi kinokolekta ang mga sumusunod na bagay sa araw ng bote.




Isama ang mga sumusunod sa ibinabaong basura (P11)

Puting bote,Kristal,tablang Kristal,fluorescent tubes,ceramics,basag na bote, tasa
Ang may mga laman ay hindi kokolektahin.

他

## Paraan ng pagtatapon ng mga Electrical Appliances na pwedeng irecyle.

Ang mga sumusunod na 6 na electrical na appliances ay nauukol sa mga bagay na nirirecycle na hindi kokolektahin kung itatapon sa basurahan. Telebisyon, refrigerator, freezers,washing machine, dryer ng damit at airconditioner.
Hindi ito kokolektahin ng lunsod ng Fuji kahit na itapon ito sa pinagkokolektahan na basurahan.Hindi rin ito maaaring baklasin at itapon sa basurahan,dahil hindi ito kukunin ng mga nangungolekta ng basura.Kailangang magbayad sa recycle fee at itapon sa ganitong paraan.Tablewares at futon dryers ,itapon sa binabaon na basura.



## Paraan ng pagbabasura

**Kung kukunin ng Electric Appliance retail store**

Kung bibili ng kapalit, magkonsulta sa tindahan, bayaran ang fee para sa pagbabasura (recycling fee + gastusin sa paghakot), at ipakuha sa kanila.

**Kung kukunin ito ng nangungolekta ng basura, o transporter companies**

Magkonsulta sa kumpanyang nagkokolekta at naghahakot, bayaran ang fee para sa pagbabasura (recycling fee + gastusin sa paghakot), at ipakuha sa inyong bahay.Ayon sa kumpanya, maaaring kailangang antimanong magbayad ng recycling fee sa post office.

【 Mapagkokonsultahan 】
Fuji City Cooperative Association for General Wastes Tel. 0545-72-5353

**Kung ikaw mismo ang magdadala sa lugar ng pinagkokolektahan**

Dalhin sa Shinohara Sangyo Co., Ltd na itinalagang lugar para sa pagkuha, bayaran ang recycling fee, at ipakuha.Produksyon ng buong nasyon (Electronic maker) lahat ng mga nangongontrata ay kinakailangan ng irecycle ang kanilang mga produkto. Ang mga nangongontrata ay tinatawag na nakatalagang tagakolekta na lugar (Shitei hikitori basyo). Ang mga lumang electrical na appliances ay itinakdang dalhin sa pinakamalapit na lugar ng pinagkokolektahan (Shitei hikitori basyo) ng sarili mo.

【 Nakatalagang lugar ng pinagkokolektahan】
Shinohara Sangyo Co. Ltd. (in the Ukishima Kogyo Danchi)
Address: 2608-43 Nakasato, Fuji-shi Phone Number : 0545-32-2160
Mangyari lamang na tingnan ang website ng Shinohara Sangyo Co., Ltd para sa araw na bukas sila.

**Direksyon ng pagpunta**






## Sa recycle ng motorsiklo

Ang mga retailer at manufacturer ang may responsibilidad para sa pag-recycle ng motorsiklo.Ang sistema para sa mga gamit ng motorsiklo ay wala na itong singil.
Ang gobyernong lokal ng Fuji city ay hindi nangongolekta ng nirirecycle na motorsiklo.

**Mga halimbawa ng puwedeng irecycle** Motorsiklo Mopeds (scooters)



Para sa mga impormasyong detalye
Tumawag sa NIRINSYA recycle call center
Tel .050-3000-0727
Oras na bukas: 9:30～17:00 (puwera ang Sabado ,Linggo, Piyesta at bagong taon)
Website http://www.jarc.or.jp/motorcycle/
Mangyari lamang na tiyakin dahil may ilang hindi sakop na manufacturer.

## Paraan ng pagbabasura

**Maaaring dalhin ang motorsiklo sa itinalagang lugar na pinagkokolektahan**

Nakatakdang lugar ay ang Shinohara Sangyo Co. Ltd. Sa Fuji city.
(tignan sa P 17)

**Kung dadalhin sa ahensya ng tumatanggap at nag rirecycle ng mga motorsiklo**

May singil sa transportasyon at pangongolekta. Tanungin ang ahensya para sa detalyeng impormasyon.

**1. Konsultasyon, pagtiyak**

Kontakin ang mga ahensya na nasa baba na etiketa, kung puwedeng irecycle ang motorsiklo para maka siguro.

**2. Ihanda ang kinakailangang dokumento para sa pagdadala**

Ang mga mga nakarehistro pa sa District Transport Bureaus o local na gobyerno ay hindi pa puwedeng irecycle,
Magpunta muna sa paraan ng pagtatapon ng behikulo, at dalhin ang motorsiklo sa itinakdang pinagkokolektahang lugar.

**Dokumento kung saan makikitang ibinasura ang kotse**


| | Mapagtatanungan |
|---|---|
| GENTSUKI (Mopeds mas maliit sa 50 cc) → Haisha Shinkoku Uketsuke (Sertipikasyon ng resibo para sa pagtatapon ng motorsiklo) | Dibisyon ng Municipal Tax sa Fuji City Hall (3F ng city office building) ☎0545-55-2735 |
| Kei Nirin (Motorsiklo na 125˜250 cc)→ Keijidosha Todokedezumi Hennouzumi Kakuninsho (Sertipikasyon para sa pagtapon sa maliit na behikulo registration.) | Shizuoka Transport Bureau, Numazu Automobile Inspection and Registration Office (Lungsod ng Numazu) ☎050-5540-2051 |
| Kogata Nirin (Motorsiklo na mas maliit sa 250 cc)→ Jidosha Kensasho Henno Shomeisho (Sertipikasyon ng Inspeksyon para sa pagtatapon ng behikulo) | |

**Dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan**

Drivers license, National Health Insurance card, Passport at etc.

## Paraan para sa pagriresaykel ng Personal Computer

Ang mga hindi na ginagamit na Computer ay kukunin muli ng bawat kumpanyang gumawa nito at iriresaykel uli.



## Paraan ng pagbabasura

**Dalhin sa "Shin-Kankyo Clean Center"**

Kung dadalhin sa Shin-Kankyo Clean Center ay walang bayad nakinukuha.
Hindi rin kinukuha ang display board.
Kung dadalhin sa "Shin-Kankyo Clean Center" ay walang bayad nakinukuha, tignan ang lugar ng "Shin-Kankyo Clean Center" sa P20.
Puwedeng itapon ng may "PC recycle mark" o wala.
Ang naka record na personal na identity ay kailangan burahin lahat bago ito ibigay.
Kapag magdadala, maaaring hilingin ang pagpapakita ng dokumento (lisensya sa pagmamaneho at iba pa) kung saan matitiyak na residente ng Lungsod ng Fuji.
Sa area ng kinokolekta ang basura ay hindi ito makokolekta kaya mag-ingat sa pagtapon.

**Tumawag at humiling ng direkta sa maker ng inyong personal computer, ipadala sa "Yuupak" o post office.**

Maaaring humiling sa maker ang nais na itapon na personal computer, sa pamamaraan ng pagtapon ,nakasulat sa ibaba.

1. Tumawag sa resepsyon ng maker na gusto niyong itapon ,at mag aplay para sa recyle.
2. Magpapadala ng "yuupack"" ang maker , ibalot at ikahon ang PC at idikit ang slip ng "yuupack" .
3. Dalhin sa pinakamalapit na post office o humiling na kuhanin sa bahay ang nais ipadalang bagahe.

Ang nasa kaliwa na may markang (PC recycle mark) na nakadikit ay hindi na kailangan pang magbayad ng panibago (kasama na ang bayad sa yuupack)
Tungkol sa recycle ng PC sa mga pansariling ginawang PC, 3R center sa pagtataguyod tignan ang website: http://www.pc3r.jp



# Tungkol sa pagdadala ng basura sa Shin-Kankyo Clean Center

Sa Shin-Kankyo Clean Center, tinatanggap nang libre ang mga basurang nagmula sa tahanan na kinokolekta sa lungsod (liban sa mga lumang papel).
Kung maraming basura, mangyari lamang na dalhin nang hindi lalampas sa 30 minuto bago ng pagtatapos ng oras ng pagtanggap.




## Kinaroroonan / Mapang panggabay sa ruta sa pagdadala

→Ruta sa pagdadala ng Nasusunog na basura / Recyclables

→Ruta sa "Fujisan Eco-topia" at "Fuji Kaguya-no-Yu" (hindi maaaring magdala ng basura)

